# PAGPAPAKRISTAL NA PAG-AARAL NG JEREMIAS AT PANAGHOY

**MGA SUSING PAHAYAG:**

Si Jehovah ay ang maawaing Diyos, at sa pagiging maawain,
si Jeremias ay lubusang kaisa ng Diyos; kaya, ginamit ng Diyos ang propetang
si Jeremias, isang madaraig, upang ihayag Siya, magsalita para sa Kanya,
at katawanin Siya, maging sa kanyang pananangis.

Ang Jeremias, isang aklat na punô ng pagsasalita hinggil sa kasalanan ng Israel at ang poot, pagkastigo, at pagparusa ng Diyos, ay naghahayag na ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang maging ang bukal, ang pinagmumulan, ng mga buháy na tubig upang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan para sa kanilang kasiyahan at katamasahan na may gol na ibunga ang ekklesia, ang kapareha ng Diyos, bilang ang pagpaparami ng Diyos, ang paglaki ng Diyos, upang maging ang kapuspusan ng Diyos para sa Kanyang kahayagan.

Ang Diyos ay walang hanggan at hindi nagbabago, hindi napapailalim sa anumang pagbabago dahil sa kapaligiran at mga sirkumstansiya, at ang trono ng Diyos ay ang trono ng Kanyang walang hanggan at di-nagbabagong pamahalaan;
sa kanyang pagsasalita tungkol sa walang hanggan katauhan at trono ng Diyos,
si Jeremias ay lumabas sa kanyang mga pantaong damdamin, hinipo ang persona ng Diyos
at trono ng Diyos, at pumasok sa pagkadibino ng Diyos.

Ang Diyos bilang ating Magpapalayok ay soberanong nilikha tayo
upang maging Kanyang mga sisidlan, ang Kanyang mga lalagyan,
upang masidlan ng Kanyang sarili ayon sa Kanyang pagtatalaga;
ang layunin ng Diyos sa paglikha sa tao ay ang gawin ang tao na Kanyang sisidlan,
ang Kanyang sisidlang lupa, upang masidlan at mapunuan ni Kristo
bilang buhay para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo
bilang ang malaking sama-samang sisidlan ng Diyos para sa Kanyang kahayagan.

Bilang ang Pastol ayon sa puso ng Diyos,
si Kristo, ang dakilang Pastol ng mga tupa, ay ipinagpapatuloy ang Kanyang pagpapastol sa
pamamagitan ng paglalakip ng apostolikong ministeryo
sa Kanyang makalangit na ministeryo upang pastulin ang kawan ng Diyos;
sa pagbabawi ng Panginoon ngayon, kailangan nating matanto na
ang pagpapastol na nagtatayo sa Katawan ni Kristo ay isang myutwal na pagpapastulan,
at kailangan nating magpastulan sa isa't isa ayon sa Diyos,
kinukuha ang nagpapaloob ng lahat, magiliw na pangangalaga sa kawan.

Upang maging kaisa ng Diyos, kailangan natin si Kristo bilang Usbong ni David upang maging
ating katubusan at pag-aaring matuwid; inihahatid nito ang Tres-unong Diyos tungo sa atin
upang maging ating buhay, ang ating panloob na kautusan ng buhay, ang ating kapasidad,
at ating lahat-lahat upang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa ating katauhan
upang isagawa ang Kanyang ekonomiya;
ito ang bagong kasunduan, kung saan nakikilala natin ang Diyos, naipamumuhay ang Diyos,
at nagiging Diyos sa buhay at sa kalikasan subalit hindi sa Pagka-Diyos
nang sa gayon tayo ay maging ang Kanyang sama-samang kahayagan
bilang ang Bagong Herusalem.

*© 2020 Living Stream Ministry*

Mensahe Isa

## Si Jeremias, ang Maawaing Propeta ng Maawaing Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 1:1, 4-8, 10, 18-19; 4:19; 9:1, 10; 13:17

**I. Si Jeremias ay ipinanganak na isang saserdote, subalit tinawag siya ng Diyos upang maging isang propeta hindi lamang sa bansang Israel bagkus sa lahat din ng bansa; kaya, siya ay isang saserdoteng propeta—Jer. 1:1, 4-8**

**II. Itinalaga ni Jehovah si Jeremias sa ibabaw ng mga bansa at sa ibabaw ng mga kaharian upang bumunot at magpabagsak, upang pumuksa at magwasak, at upang magtayo at magtanim—b. 10:**

A. Ang pagbunot, ang pagbagsak, at ang pagpuksa ay ang pagwasak ni Jehovah, samantalang ang pagtatayo at pagtatanim ay ang pagtataas ni Jehovah.

B. Ito ay tumutugma sa dalawang kahulugan ng pangalang Jeremias—"si Jehovah ay nagtataas" at "si Jehovah ay nagwawasak."

**III. Ginawa ni Jehovah si Jeremias na isang lunsod na may kuta, isang haliging bakal, at mga pader na tanso laban sa buong lupain, sa mga hari ng Judah, sa mga prinsipe nito, sa mga saserdote nito, at sa bayan ng lupain; makikipaglaban sila sa kanya ngunit hindi sila mananaig laban sa kanya—bb. 18-19:**

A. Sa lupa ay laging may labanan na nagaganap sa pagitan ng Diyos at ng mga sumasalungat sa Kanya at nakikipaglaban sa Kanya—Efe. 6:12.

B. Ang Diyos ay hindi direktang lumalaban sa pamamagitan ng Kanyang sarili kundi sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod na ipinadala Niya—1 Tim. 1:18; 6:12; 2 Tim. 4:7.

C. Isinugo ng Diyos ang Kanyang hukbo—isang kabataang lalaki na nagngangalang Jeremias—upang labanan ang mga sumasalungat sa Kanya:

1. Si Jeremias ay nasangkapan ng Diyos hanggang sa siya ay naging isang lunsod na may kuta at isang haliging bakal at mga pader na tanso—Jer. 1:18.
2. Yaong mga nakipaglaban kay Jeremias— ang nag-iisang hukbo ni Jehovah—sa katunayan ay nakikipaglaban kay Jehovah—b. 19a.
3. Walang tatalo sa kanya sapagkat si Jehovah ay kasama niya—b. 19b.

**IV. Si Jeremias ay isang mandaraig na nagsasalita para sa Diyos—bb. 9-10; 2:1-2:**

A. Sa kapanahunan ng tipolohiya, ang mga mandaraig ay mga propeta; lahat ng tunay na propeta ay mga mandaraig.

B. Nang ang karamihan sa bayan ng Diyos ay masalanta, nagkaroon ng pangangailangan para sa ilan na bumangon upang maging mga mandaraig ng Diyos upang mapanatili ang patotoong itinatag ng Diyos.

C. Pinangalagaan muna ng mga propeta ang orakulo ng Diyos, at batay sa orakulo, kanilang inensayo, sa isang sukat, ang awtoridad ng Diyos, tulad ng nakita kay David na hari at kay Nathan na propeta—2 Sam. 7:1-17; 12:1-15.

D. Ang mga mandaraig sa Apocalipsis 2 at 3 ay ang katuparan ng tipolohiya ng mga propeta.

E. Bilang isang mandaraig, si Jeremias ay isang patotoong-salungat:

1. Ang mga anak ni Israel ay nasalanta, at si Jeremias ay tinawag ng Diyos upang maging patotoong-salungat —Jer. 27:1-15.

2. Hindi natanto ng bayan ng Diyos na sila ay lugmok sa kasalanan sa harapan ng Diyos at itinakda na ng Diyos na gamitin ang Babilonia upang parusahan sila, nagsasanhi sa kanila na mabihag sa Babilonia—15:12-14.
3. Dahil nahulog ang Israel sa gayong nagulumihanang kalagayan, si Jeremias, isang mandaraig, ay isang patotoong-salungat, sinasalita ang salitang ibinigay sa kanya ni Jehovah at sinalungat sa mga bulaang propeta—27:16; 28:17.

**V. Ang aklat ng Jeremias ay nagtataglay ng isang partikular na katangian at katayuan ng pagkamaawain ng Diyos kalakip ang katuwiran ng Diyos—9:10-11; 23:5-6; 33:16:**

A. Ang ating Diyos ay isang maawaing Diyos, punô ng kahabagan at simpatiya, subalit Siya ay ganap na matuwid—9:10-11; 23:6.

B. Ayon sa aklat ng Jeremias, ang pag-ibig ng Diyos ay isang komposisyon ng Kanyang mapagkalingang pangangalaga, kahabagan, at simpatiya; kahit na pinarurusahan Niya ang Kanyang hinirang na bayang Israel, Siya ay mahabagin sa kanila—Panag. 3:22-23.

C. Ang mga salita sa Jeremias 9:10-11 at 17-19 ay naghahayag ng damdamin ni Jehovah hinggil sa pagdurusa ng Israel sa Kanyang pagwawasto:

1. Bagama't pinarurusahan ni Jehovah ang Israel, Siya ay nakikisimpatiya pa rin sa kanila.
2. Ipinahihiwatig ng mga salitang *tayo* at *atin* sa bersikulo 18 na sumama si Jehovah sa nagdurusang bayan at kaisa nila sa kanilang pagdurusa.
3. Si Jehovah Mismo ay tumatangis nang may simpatiya sa Kanyang bayan.

**VI. Ang aklat ng Jeremias ay isa ring sariling talambuhay kung saan sinasabi sa atin ni Jeremias ang kanyang sitwasyon, ang kanyang persona, at ang kanyang damdamin, na nagpapakita ng kanyang magiliw na puso:**

A. Ang Diyos ay magiliw, mapagmahal, mahabagin, at matuwid, at si Jeremias, isang kiming kabataang lalaki, ay ibinangon ng Diyos upang maging Kanyang bibig upang magsalita para sa Kanya at ihayag Siya—3:6-11; 4:3-31; 32:26-27; 33:1-2.

B. Si Jehovah ay isang maawaing Diyos, at sa pagiging maawain, si Jeremias ay ganap na kaisa ng Diyos ; kaya, ginamit ng Diyos si propetang Jeremias upang ihayag Siya, magsalita para sa Kanya, at katawanin Siya—2:1—3:5; 4:19; 9:1, 10.

C. Si Jehovah ay dumating upang iwasto ang Kanyang mga mapagkunwaring mananamba, at tumugon si Jeremias sa pagwawasto ni Jehovah; ang reaksyon ng propeta ay lubhang magiliw, masimpatiya, at mahabagin—8:18-19; 21-22; 9:1-2; 10:19-25

D. Si Jeremias ay tumangis alang-alang sa Diyos; ang kanyang pagtangis ay naghayag ng pagtangis ng Diyos—4:19; 9:1; 13:17:

1. Sa kanyang pagtangis kinatawan ni Jeremias ang Diyos—9:10.
2. Masasabi natin na tumangis ang Diyos sa pagtangis ni Jeremias, sapagkat sa kanyang pagtangis si Jeremias ay kaisa ng Diyos—13:17.

E. Dahil madalas tumangis si Jeremias, humagulgol pa nga, siya ay binantugang ang tumatangis na propeta— Panag. 1:16; 2:11; 3:48:

1. Bagama't ang Diyos ay napighati at nasaktan dahil sa Kanyang bayan, kailangan Niyang makasumpong ng isang tao sa lupa na may mga ganitong damdamin.
2. Nang dumating ang Kanyang Espiritu sa partikular na taong ito, si Jeremias, at inilagay ang Kanyang damdamin sa espiritu ni Jeremias, sa gayon ay naihayag ng propeta ang nagdadalamhating damdamin ng Diyos.

3. Habang binabasa natin ang aklat ng Jeremias, madarama natin na, bagama't tumangis siya, ang kanyang emosyon ay nadisiplina—4:19; 9:1, 10; 13:17.
4. Ang nagdadalamhati at tumatangis na emosyon ni Jeremias ay nadisiplina at nalimitahan upang ang Diyos ay makapasok sa kanya at magamit siya upang ihayag ang mga nagdadalamhating damdamin na nasa Kanyang puso.

**VII. Upang lubusang maihayag ang Diyos sa pamamagitan natin, kailangan nating magkaroon ng mga espiritwal na emosyon, maging maawain sa isa't isa, at mapaglingkuran ang Diyos nang may mga pagluha—Sant. 5:11; Exo. 34:6; Awit 103:8:**

A. Ang isang espiritwal na tao ay punô ng mga emosyon; lalo tayong espiritwal, lalong mayaman ang mga emosyon natin—1 Cor. 4:21; 2 Cor. 6:11; 7:3; 10:1; 12:15:
   1. Kailangan natin na gumawa ang Panginoon sa atin hanggang sa ang mga damdamin natin ay maging pino at magiliw.
   2. Sa tuwing gumagawa ang Diyos sa atin, pinarurusahan tayo, at tinutuos tayo, ang damdamin natin ay nagiging mas pino at mas sensitibo; ito ang pinakamalalim na aralin sa pagbabasag ng panlabas na tao—4:16.

B. Sa buhay-ekklesia ay kailangan nating maging maawain sa isa't isa—Efe. 4:32:
   1. Hindi dapat natin husgahan at kondenahin ang ating mga kapwa mananampalataya kundi magmagandang-loob sa kanila, maging maawain, pinapatawad sila kung paanong pinatawad tayo ng Diyos sa loob ni Kristo—Luc. 6:37; Efe. 4:32
   2. Lalo nating nararanasan si Kristo bilang ating panustos-buhay, lalong nagiging magiliw ang ating mga puso, at kapag tayo ay tayo, patatawarin natin ang iba.

C. Pinaglingkuran ni apostol Pablo ang Panginoon nang may mga pagluha at pinaalalahanan ang mga banal nang may mga pagluha—Gawa 20:19, 31; Fil. 3:18.
   1. Kung hindi natin alam kung paano tumangis o lumuha, tayo ay hindi lubhang espiritwal.
   2. Kapag tayo ay namumuhay sa espiritu, ginagamit ang ating kaluluwa bilang sangkap, mapaglilingkuran natin ang Panginoon at mapaaalahanan natin ang mga banal nang may mga pagluha—Gawa 20:19, 31.

D. "Mula sa malaking kapighatian at hapis ng puso" sumulat si Pablo sa mga taga-Corinto "na may maraming luha"—2 Cor. 2:4:
   1. Ang kahayagan ni Pablo ay magiliw at punô ng matalik na malasakit ng nagmiministeryong buhay—11:28; 12:15.
   2. Sa 2 Corinto 7 ipinabatid ni Pablo ang isang malalim, magiliw, at matalik na malasakit para sa mga taga-Corinto; ang kanyang salita ay lubhang nakakaantig—bb. 2-3.
   3. Dahil ang kahayagan ni Pablo ay magiliw at punô ng matalik na malasakit, ito ay may kapangyarihan at bisa, at nahipo nito ang mga mananampalataya nang malalim.

E. Kapag, sa buhay-ekklesia, ay dumaraan tayo sa lambak ng Baca (pagtangis), ginagawa ng Diyos ang lambak na ito na isang bukal; ang bukal na ito ay ang Espiritu—Awit 84:6; Juan 4:14; 7:38-39:
   1. Lalo tayong tumatangis sa mga daan patungong Zion (Awit 84:5), lalo nating matatanggap ang Espiritu; habang tayo ay tumatangis, tayo ay napupunuan ng Espiritu, at ang Espiritu ay nagiging ating bukal.
   2. Ang mga luhang iniluluha natin ay sa atin, subalit ang mga luhang ito ay magreresulta sa isang bukal, na magiging ang maagang ulan, ang Espiritu bilang ang pagpapala—Zac. 10:1; Gal. 3:14; Efe. 1:3.

*© 2020 Living Stream Ministry*